AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
### Aralin 4

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang isa na namang panibagong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Nadia and the Blue Stars" na isinulat ni Francesca Nicole Chan Torres.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 4** |
| --- |
| Book Title: Nadia And The Blue Stars |
| Author: Francesca Nicole Chan Torres |
| Source: CANVAS |

**I. Pagbati**
Good afternoon sa inyong lahat! ☀☀ Ako nga pala si Teacher _____. Sa araw na ito, ating babasahin ang salin sa Filipino ni Rhandee Garlitos ng librong 📚 Nadia And The Blue Stars📚 na sinulat ni Francesca Chan Torres, handa na ba tayo?

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isang na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Wag nating kakalimutan ha? ☺

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento, baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin!

Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga ‘to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Liblib** - natatago / nakatago
**(2) Gabing Pusikit** - gabing walang buwan
**(3) Digmaan / digma** - labanan

Alam kong kakayanin natin to ‘to! Simula na tayo!
--

**IV.📚 NADIA AND THE BLUE STARS NI FRANCESCA CHAN TORRES**
*Bigkasin natin ang kada-linya 📣*

•Noong panahon ng digma, may isang maliit na nayon. 🏞️
•Liblib ito at napaliligiran ng matatarik na bundok. 🌄⛰️🏔️
•Tila nabubuhay sa ibang daigdig ang mga tagarito; isang mundong puno ng halakhak 😄, awit 🎶, at ligaya 🌈.

•Ngunit natatangi ang nayong ito dahil sa mga bulaklak.💐
•Hitik silang namumukadkad sa mayamang lupa ng lambak, at sumasambulat ang kanilang iba’t ibang mga kulay.
•May matitingkad na amapola, matatayog na rosas, maririkit na liryo, at mga kaaya-ayang mirasol. 🌼🌹

•Higit pa rito, may mga malalaking asul na bulaklak na nagkalat sa walang hanggang lawak na damuhan. 🏞️
•Mula sa kalayuan, nagniningning sila na tila mga bituing nalaglag mula sa langit. 🌟🌟
•May tagapag-alaga ang mga bulaklak na ito. Isang batang babae na nagngangalang Nadia. 👧

•Tuwing umaga, bago pa man sumikat ang araw 🌅, dinidiligan na niya ang mga ito.
•Pagsapit ng hapon, binubulungan niya ang mga ito ng mga kuwento.
•At sa gabi, bago siya matulog 😴, idinadalangin niya ang mahimbing nilang pagtulog.

•Kaya naman namukadkad sila at dumami, dahil walang ibang bagay na lalong nagpapabukadkad tulad ng pagmamahal.🥰
•At sa matagal na panahon, ganito ang siyang nakagawian. Ngunit, panahon ito ng digmaan.
•Isang gabing pusikit, habang nasa parang ng bulaklak 🏞️ si Nadia,

•Narinig niya ang isang malalim na dagundong, na parang tunog ng mga tambol sa kalayuan.‼️‼️
•Nang tumalima siya sa pinagmumulan ng ingay, natanaw niya ang mapulang liwanag ng apoy.🔥🔥

•Tumakbo si Nadia 🏃‍♀️🏃‍♀️. Ibinalita niya sa kaniyang mga magulang ang kaniyang nakita, at sila naman ang nagpaabot 🗣️🗣️ ng pangyayari sa buong nayon.

•Simula sa sandaling iyon, maraming bagay ang nagbago.
•Di naintindihan ng batang babae ang takot 😨 na ipinakahulugan ng mga ingay na iyon, ngunit batid na ito ng mga taga-nayon.
•Inakala nilang mananatili silang ligtas sa tulong ng mga bundok, ngunit nagkamali sila. 🙅‍♀️🙅‍♂️
•Parating na ang mga eroplano at mga bomba. Parating na ang digmaan sa kanila. 🛩️💣
--
Nabasa ba ng maigi ang istorya? Unang parte pa lang yan!

**V. Gawain** ✏️
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Sa simula, nabanggit kung saan nangyari ang kwento. Naaalala mo ba?

🔎 Mayroon daw nag-aalaga ng mga bulaklak dito, alam mo ba kung ano ang pangalan ng batang babaeng 👧 ito?

🔎 Araw-araw mayroong sinusunod na mga gawain si Nadia upang alagaan ang mga bulaklak, ano-ano ang mga ito?

🔎 Sa pagtatapos ng parteng ito, ano ang dumating sa nayon nila Nadia?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang katanungang ito::

Kung ikaw ang nasa lugar ni Nadia at nakita mong paparating na ang digmaan, anong mararamdaman mo?

Ano man ang iyong magiging sagot, tayo'y magbigay oras upang magpasalamat sa Panginoon, na kahit may sakuna'y tayo'y nasa piling ng ating mga pamilya't 👨👩👧👦 kasama sila.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏️
🔎 Ang kwento ay nangyari sa isang maliit at liblib na nayon 🏞️ na napapaligiran ng matatarik na bundok 🌄⛰️. Nakapunta ka na ba sa ganong klaseng lugar?

🔎 Ang kanyang pangalan ay Nadia! Maaari mo bang i-spell ang iyong pangalan?

🔎 Una, pag gising sa umaga'y 🌅, siya'y nagdidilig. Pangalawa, sa hapon, ito'y kanyang binubulungan ng mga kwento. Sa gabi'y, pinapanalangin niya ang kanilang mahimbing na pagtulog. 😴😴

🔎Dumating ang mga eroplano at bomba 🛩💣 na naghuhudyat ng pagdating ng digmaan.

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
–.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.